



Siyudad ng
Hachioji

Mga basura ng bahay/ Mga recyclable na basura Kalendaryo ng koleksyon

Karagdagang impormasyon sa patnubay (sa wikang Tagalog)

Ang patnubay na ito ay makakatulong sa mga mambabasa para maintidihan ang kalendaryo.

Gamitin ang patnubay na ito kasabay ng kalendaryong Hapon.

"Kururi",
ang recycle mascot



Kami ay pinarangalan na maging **No.1 sa Japan** dahil sa pagkakaroon ng hindi bababa sa basurahan bawat tao bawat araw (para sa mga lungsod na may higit sa 500,000 katao). (sinusukat sa 2017)
Tulungan kaming panatilihin ito sa pamamagitan ng pagbabawas at paghihiwalay ng basura.

Sumangguni sa tanggapan ng Refuse General Consultation Center para sa konsultasyon ukol sa **reserbasyon sa pagkulekta ng malalaking basura**, pagbubukod sa mga basura at mga bagay na maaaring i-recycle at iba pa.



ナビダイヤル®

0570-550-530

Kung hindi maaaring itawag sa navi-dial ang inyong telepono, tumawag sa ☎ 042-696-5377.

Para sa taong 2020

Mula Disyembre 2019
hanggang Enero 2021

フィリピン(タガログ語)版

Salin sa Tagalog

Mga nilalaman

Mahalagang Impormasyon	P2
Listahan ng mga basura	P3
Basura / mga recyclable-pahina	P4 ~ P8
Paraan ng pagtapon ng malalaking basura-pahina	P9 ~ P11
Mga diapers / volunteer bags-pahina	P12
Mga bagay na hindi maaaring itapon sa siyudad-pahina	P13
Makipag-ugnay sa address	P14

Ilagay ang basura sa itinakdang supot at ilabas

! Hindi kokolektahin kung hindi ilalagay sa supot ng basura ng Hachioji !

Basurang sinusunog

Basurang galing sa kusina



Maruming lalagyan ng obento



Upos ng sigarilyo



Laruang gawa sa plastik



Stationery



sapatos, bag, belt



supot para sa basurang sinusunog



Pumunta sa pahina 5 para sa karagdagang impormasyon

Basurang hindi sinusunog

Metal



Mga babasagin



Teapots o mga gawa sa palayok



supot para sa basurang hindi sinusunog



Pumunta sa pahina 6 para sa karagdagang impormasyon

Ang araw ng koleksyon ng basura at recyclable items ay naiiba depende sa lugar. Tingnan ang Kalendaryo ng koleksyon (sa wikang Hapon) ng inyong tinitirhang lugar.



Bilhin sa supermarket o convenience store ang supot para sa basurang sinusunog at supot para sa basurang hindi sinusunog.



Tingnan mula pahina 4 ang tungkol sa lugar ng paglalabasan ng basura, paghihiwalay ng mga recyclable items at iba pa.

Listahan ng mga basura sa wikang Tagalog

Mga basurang sinusunog




Plastic containers and packaging



Mga lata



Pahayagan



Mga basurang hindi sinusunog



Mga pet bottles



Mga bote




Mga lumang damit Mga lumang tela



Mapanganib na basura (toxic waste) tulad ng mga lata ng spray.



Mga magazine / bagay na gawa sa papel / paketeng gawa sa papel



Mga karton



Ilagay ang sinusunog at di-sinusunog na basura sa supot na nilaan ng Lungsod ng Hachioji. Hindi kokolektahin ang basurang hindi nakalagay sa nilaang supot.

Supot para sa mga basurang sinusunog



Supot para sa mga basurang hindi sinusunog



◎Uri at halaga ng inilaang supot

※halaga ng 1 set (10 piraso).

	Mini (5L) 420mm×180mm	Small (10L) 500mm×260mm	Medium (20L) 600mm×350mm	Large (40L) 750mm×450mm
Supot para sa mga basurang sinusunog (kulay asul)	¥90	¥180	¥370	¥750
Supot para sa mga basurang hindi sinusunog (kulay dilaw)	¥90	¥180	¥370	¥750

- ◎ Bilhin ang supot sa mga tindahang may nakalagay na sticker o bandera.
- ◎ May malaking (40 liter) supot na mabibili sa bawat piraso (75 yen ang isa) sa ilang tindahan. Tingnan ang website ng Hachioji city o tumawag sa Refuse Reduction Control Section para sa karagdagang impormasyon. (☎042-620-7256)

八王子市袋取扱店 Search



Ilabas o itapon ang basura sa itinakdang petsa, oras at lugar.

Itapon ang **basura/recyclable items** bago mag 8:30 ng umaga sa itinakdang araw ng koleksyon.

Ang oras ng pagkolekta ay maaaring mahuli dahil sa kodisyon ng trapiko o kaya sa dami ng basura. Ang basurang inilabas na lagpas sa oras ay hindi na makokolekta. Makikooopera lamang na ilabas ang basura sa takdang oras.

Lugar ng paglalagyan ng basura

Para sa mga nakatira sa individual housing



Ilagay sa kalsada sa harap ng inyong bahay.

Para sa mga nakatira sa housing complex



Ilagay sa itinakdang pook ng koleksyon.

Bilang patakaran, ang pagtapon ng mga basurang galing sa mga opisina ay kailangang isagawa mismo ng nangangasiwa nito.

Ang mga basura mula sa mga opisina ay hindi maaaring itapon bilang household waste kahit anuman ang kalidad o dami nito. Tungkulin ng nangangasiwa na makipagkontrata mismo sa tanggapang kaugnay sa pagkolekta ng basura. Tandaan lamang na ang mga karaniwang basura na sinusunog at hindi itinuturing na industrial waste materials, ay maaaring dalhin ng direkta sa waste disposal facility ng syudad (tingnan ang pahina 11). (Disposal Fee: 350 yen bawat 10kg)

※Ang mga basurang hindi sinusunog (industrial waste materials) ay hindi maaaring tanggapin sa waste disposal facility ng syudad.

Pagkolekta ng kaunting dami ng basurang galing sa mga opisina

Sa kaso ng opisinang may kaunting dami ng basurang inilabas sa isang beses ng pagtapon (tingnan ang listahan sa ibaba), maaari nitong gamitin ang sistema ng koleksyon (Sistema ng pagrehistro) na isinasagawa ng syudad.

	Dami ng basura sa bawat koleksyon	Dalas ng pagkolekta
Basurang sinusunog	40 liters o mas mababa	Dalawang beses sa isang linggo
Basurang hindi sinusunog	80 liters o mas mababa	Isang beses sa loob ng dalawang linggo
Mapanganib na basura	Isang puno ng supot ng basurang di-sinusunog	Minsan bawat dalawang linggo para sa bawat uri
Papel	Cardboard, magazine, papel, lalagyan ng papel	Hanggang sa 2 mga bundle ng bawat uri
	Pahayagan	Hanggang sa 2 bundle

Para sa karagdagang detalye, mangyaring sumangguni sa website ng Hachioji City, o makipag-ugnay sa Trash Reduction Department (☎042-620-7256)

Supot para sa mga basurang sinusunog



Supot para sa mga basurang di-sinusunog



Uri at halaga ng supot ※halaga ng isang set (10 piraso)

	10L	20L
Mga basurang sinusunog	¥650	¥1,300
Mga basurang di-sinusunog		¥1,300

Mangyari po lamang na ilabas ang mga basura sa ganap na **8:30 ng umaga** tuwing araw ng koleksyon.

Basurang galing sa kusina, kabibi o shell



Band aids, sanitary napkin



A Papel na marumi at may amoy, Kahon ng detergent, thermal paper



Drying-agent, disposable warmer, Ice pack (thermal gel)



Mga lalagyang gawa sa papel (cup noodels, yogurt at iba pa), Paper cup, paper plate, inner tubes ng wraps at iba pa



※Hindi maaaring i-recycle bilang paper resources dahil idinaan ang mga bagay na ito sa waterproofing at iba pang proseso.

Mga piraso ng kahoy



Pet sheets, pet toilet sand litters



Paano itapon

Ilagay sa supot ng basurang sinusunog (kulay asul)



Mga paalala sa pagtapon

- ※Pigaing mabuti ang basurang galing sa kusina bago itapon.
- ※**Iting mabuti ang supot.**
- ※Ingatang hindi mabutas ang supot ng mga matutulis na bagay tulad ng patpat o kawayan.
- ※Takpan ng net ang mga basura para hindi ito kalkalin o ikalat ng uwak o pusa.
- ※Huwag ilagay sa itinakdang supot ang basurang hindi kakasya o higit sa 5 kilo dahil ito ay kabilang na sa katagorya ng malalaking basura. (Tingnan ang pahina 9-11)

Plastik (mga bagay na walang marka ng plastik ) , mga bagay na gawa sa balat at goma.

CD, video tapes



Mga laruan



Stationery products




balat o leather, mga produktong gawa sa goma



※Iba pang mga bagay na mahirap tanggalin ang dumi kahit na may marka 

Mga sanga ng punongkahoy

Bawat bungkos ng sanga ay dapat 30cm lang ang taba at 60cm ang haba. (dapat 5cm lang ang taba ng isang sanga) **Hanggang dalawang bungkos lamang ang maaaring kolektahin kada koleksyon.**



Mga dahon, sukal na damo at karaniwang damo

Ilagay ito sa transparent o semi-transparent na supot. Alisin ang lupa o putik sa nakadikit sa damo. **Hanggang dalawang supot lamang ang maaaring kolektahin kada koleksyon.**



Paano itapon

Sa kadahilanang marami ang basura sa mga unang araw ng linggo, kung maaari ay ilabas ang basura sa mga huling araw ng linggo.

Ang 2 bungkos / 2 supot ay maaaring itapon ng sabay.

※Tingnan ang pahina 4 para sa itinakdang lugar ng tapunan

※Sa araw ng bagyo o malakas na hangin, ang mga basura, recyclable items o containers ay maaaring liparin at ito ay mapanganib. Ilabas ito sa susunod na araw ng koleksyon.

Mangyari po lamang na ilabas ang mga basura sa ganap na **8:30 ng umaga** tuwing araw ng koleksyon.

Mga basurang hindi sinusunog
(mga pangunahing bagay)

Tatlong uri ang basurang hindi sinusunog!

Metal (kabilang ang mga maliliit na appliances)



※Mangyari po lamang na itapon ang mga plastik (mga bagay na walang marka ng plastik ♻️), vinyl, goma, at mga gamit na yari balat, bilang mga basurang nasusunog.
※Ang mga lata ng spray, cassette gas cylinders, carbon acid gas cartridge at lighters ay kabilang sa basurang mapanganib o toxic waste.

Mga babasagin



Teapots o mga gawa sa palayok



Paano itapon

Ilagay sa supot ng basurang hindi sinusunog (kulay dilaw)



Mga paalala sa pagtapon

※Pakibalot sa papel at ilagay sa itinakdang supot para sa koleksiyon na may nakasulat na "KIKEN (Mapanganib)" ang mga kutsilyo at basag na bote, tasa, tableware at iba pa.
※Italing mabuti ang supot.
※Huwag ilagay sa itinakdang supot ang basurang hindi kakasya o higit sa 5 kilo dahil ito ay kabilang na sa kategorya ng malalaking basura. (tingnan ang pahina 9-11)

Mga containers o lalagyan na gawa sa plastic
(mga pangunahing bagay)

Mga pakete, tasa, bote, tubo, mga lalagyan, tray, at iba pang uri ng mga bag

ganito ang marka



Paano itapon

Tanggalin ang dumi



Ilagay sa lalagyang hinanda



※Kapag malakas ang hangin, maaaring ilagay ito sa isang malinaw o semi-transparent na supot

Paano tanggalin ang dumi



Hugasan at punasan ng tissue o basahan.



Maglagat ng hindi na kailangang papel o tela, itaob para lumabas lahat ang natitirang mantika.



Para sa mga supot ng sirsira at iba pa, pagpakin para maalis lahat ng laman nito.

Hindi maaaring itapon kabilang ng mga lalagyan na gawa sa plastic ang mga sumusunod.



Maruruming plastic na supot o container



Mga produktong gawa sa plastic na walang tatak na "plamark".




Mga bagay na gawa sa balat at goma (bag, sinturon, sapatos, at iba pa)

sa basurang sinusunog


sa basurang sinusunog

sa basurang sinusunog



Mga mapanganib na bagay tulad ng kutsilyo at gunting

sa basurang hindi sinusunog



ang karayom ng hiringgilya / ang hiringgilya ang hiringgilya ay

Alisin ang karayom at itapon ang hiringgilya sa basurang sinusunog



Ang mga gamit na karayom mula sa mga hiringgilya ay ilagay sa isang eksklusibong bote para sa koleksiyon at dalhin ito sa medikal na institusyon at insurance pharmacy.

Mga pet bottles

Softdrinks, alak, mirin, toyo at iba pa.

Ito ang palatandaan o marka.



※Hindi na kailangang tanggalin kung ang label ay nakadikit sa paligid.

Paano itapon

Ilagay sa lalagyang hinanda



※Kapag malakas ang hangin, maaaring ilagay ito sa transparent o semi-transparent na supot.

Mga paalala sa pagtapon


①Pakitanggal ang takip at label (at ilagay sa plastic containers and packaging ang tinanggal na takip at label)
②Hugasan ang loob.
③Kapag pipi-pin, bahagyang pipi-pin ito ng nakahiga.

※Tingnan ang pahina 4 para sa itinakdang lugar ng tapunan

※Sa araw ng bagyo o malakas na hangin, ang mga basura, recyclable items o containers ay maaaring liparin at ito ay mapanganib. Ilabas ito sa susunod na araw ng koleksyon.

※ Ang koleksyon ay magaganap pa rin sa mga tag-ulan. Mangyaring ilagay ang mga recyclable na basura ng papel sa parehong lugar tulad ng normal, nang hindi inilalagay ito sa isang plastic bag.

Mangyari po lamang na ilabas ang mga basura sa ganap na 8:30 ng umaga tuwing araw ng koleksyon.

Mga dyaryo / mga pang-anunsyong papel	 ※ Maaaring ilagay ang mga pira-pirasong papel kasama ng mga dyaryo. ※ Mangyaring ilabas bilang Zatsushi sa kaso ng emissions ng lamang pahayagan pagsingit flyers Paano itapon Itali (kung magpapakolekta sa tindahan ng dyaryo, idikit ang adbertismong papel ng tindahan.)  
Kahon	 Tingnan and cross section na ito  Paano itapon Gupitin o itupi ng mga 50cm kwadrado at itali.   ※ Tanggalin ang nakadikit na tape.
Mga magasin/ mga papel	Mga libro, magasin, kahon ng tissue at sitsirya, karton na nasa gitna ng toilet paper roll, at iba pa.  Paano itapon Talian ng lubid na pa-krus, ilagay sa supot na papel at talian na pa-krus   Mga paalala sa pagtapon 1 Ilagay ang maliit na piraso ng papel sa isang paper bag o sa pagitan ng pahina ng magasin. 2 Tanggalin ang bahaging gawa sa plastic sa bungad ng tissue box at itapon kabilang sa mga bagay na gawa sa plastic. 3 Tanggalin and plastic film sa envelope window at itapon kabilang ng basurang sinusunog. 4 Sa pagtapon ng shredded paper, ilagay ito sa sobre o paper bag at ibigkis kasama ng ibang papel upang hindi kumalat.
Mga paketeng papel	Papel na pakete ng gates, juice, at iba pa (kasama rin kahit na may kulay brown o silver ang loob nito)  Paano itapon Gupitin at buksan  Talian ng lubid na pa-krus  Mga paalala sa pagtapon 1 Banlawan 2 Gupitin para mabuksan at patuyuin. 3 Kapag may plastic spout, tanggalin at itapon kabilang ng mga bagay na gawa sa plastic. 4 Huwag gumamit ng supot o adhesive tape sa pagtapon ng mga bagay na ito.

※ Tingnan ang pahina 4 para sa itinakdang lugar ng tapunan

※ Sa araw ng bagyo o malakas na hangin, ang mga basura, recyclable items o containers ay maaaring liparin at ito ay mapanganib. Ilabas ito sa susunod na araw ng koleksyon.

Mangyari po lamang na ilabas ang mga basura sa ganap na **8:30 ng umaga** tuwing araw ng koleksyon.

Mga lumang damit, mga tela

Damit, tuwalya, kumot, at iba pa.



※Itapon ang mga bagay na marurumi, kapote, quilted items kabilang sa basurang sinusunog.

Paano itapon

Hindi na maaaring gamitin muli ang mga bagay na nabasa sa ulan, kaya ilagay ito sa isang transparent o semi-transparent na supot at taliang mabuti.



Mga paalala sa pagtapon

- ① Labhan ang mga bagay na nadumihan dahil sa pawis at iba pa.
- ② Tinatanggap din and mga bagay na may punit.
- ③ Huwag tanggalin ang mga butones o zipper mula sa damit.
- ④ Bagama't may koleksyon kahit na sa araw ng tag-ulan, kung maaari ay itapon ang mga ito sa susunod na araw ng koleksyon.

Empty cans

Para sa inumin



Para sa pagkain



Paano itapon

Ilagay sa lalagyang inihanda, huwag ilagay sa supot.



※Itapon bilang basurang di-sinusunog ang pet food can na gawa sa aluminum.

Mga paalala sa pagtapon

- ① Hugasan ang loob
- ② Piiin ng bahagya
- ③ Hindi na kailangang ibukod pa ang mga bagay na gawa sa aluminum at bakal.
- ④ Pakitanggal ang takip (at ilagay sa plastic containers and packaging ang tinanggal na takip at label)

Empty bottles

Para sa inumin



Para sa pagkain



Para sa cosmetics



Paano itapon

Ang mga puting bote na transparent ang bibig ng bote ay maaaring itapon.

Ilagay sa lalagyang inihanda para sa bote, huwag ilagay sa supot.



Mapanganib

Ang mga basag na bote, bagay na gawa sa salamin ay maaaring maging sanhi ng pagkasugat. Huwag ilagay ang mga bagay na ito. (Para sa paraan ng pagtapon, tingnan ang "Mga basurang di-sinusunog" sa pahina 6)

Mga paalala sa pagtapon

- ① Pakitanggal ang takip (itapon ang takip na plastic kabilang ng mga plastic at takip na metal kabilang ng mga basurang di-sinusunog).
- ② Hugasan ang loob.
- ③ Pakitapon ang milky-white bottles at mga boteng mahirap linisin tulad ng nail polish bottles at iba pa kabilang sa mga basurang di-sinusunog.
- ④ Itapon ang mga basag na bote kabilang ng basurang di-sinusunog.

Mga basurang mapanganib o nakakalason

Mga baterya (Bateryang hugis butones), Mga fluorescent tubes o bombilya, Mga bagay na naglalaman ng merkuryo



Mga bagay na naglalaman ng mercury.

※Lagyan ng tape ang + - poles ng button batteries bago itapon.

Mga lata ng spray, cassette gas cylinders, disposable lighters




※Para sa mga lata ng spray, gamitin ang lahat ng natitirang nilalaman, at huwag magbukas ng butas sa lata bago mag-set out.

Kung may problema sa pag-ubos ng laman, sumangguni sa Refuse General Consultation Center o sa nangangasiwa sa Refuse Collection Center

Ilagay sa malinaw o semi-transparent na supot

Paano itapon



※Siguraduhing hindi mababasag.

mga bagay na madaling magkamali



puting bombilya at LED na ilaw

sa basurang hindi sinusunog

Mga bagay na hindi kinukulekta ng siyudad

Mga rechargeable batteries (maliit na secondary cell batteries)



Sa recycle box na nakalagay sa recycling cooperative shops

*Para sa mga detalye, sumangguni sa tanggapan ng JBRC. <http://www.jbrc.com/>

※Tingnan ang pahina 4 para sa itinakdang lugar ng tapunan

※Sa araw ng bagyo o malakas na hangin, ang mga basura, recyclable items o containers ay maaaring liparin at ito ay mapanganib. Ilabas ito sa susunod na araw ng koleksyon.

Ito ang dalawang paraan ng pagtapon ng malalaking basura : (1) humiling ng koleksyon (2) Dalhin sa pasilidad ng tapunan ng malalaking basura.
(Huwag gamitin ang mga inilaang supot sa alinmang kaso)

1. Humiling ng koleksyon (magpa-iskedyul ng appointment)

Tumawag at mag-apply

Oras ng tanggapan : 8:30am-5:15pm

Lunes hanggang Biyernes (kabilang ang piyesta opisyal maliban sa simula at katapusan ng taon)

※Maraming nag-aaplay sa oras ng pagbukas ng tanggapan, Lunes, at pista opisyal, kung kaya may pagkakataong mahirap kumonekta sa telepono sa panahong ito

Tumawag sa "General Refuse Consultation Center"

Ipaalam ang inyong tirahan, pangalan, telepono, uri ng basura laki at dami.



0570-550-530


※Kung hindi makatawag gamit ang navi-dial, tumawag sa ☎042-696-5377.

- Para sa mga taong may problema sa pandinig : Fax 042-692-0900
- Para sa mga tumatanggap ng tulong sa publiko, mangyaring kumonsulta muna sa iyong case worker, at pagkatapos ay ipagbigay-alam sa amin kapag tumawag ka upang gumawa ng appointment.


General Refuse Consultation Center ang magbibigay ng payo at impormasyon.

- Numero ng resibo
 - Bilang ng puntos (1 point kada 100 yen)
 - Araw ng pagkolekta (Lunes- Byernes kabilang ang pyesta opisyal, maliban sa simula at katapusan ng taon)
- ※Ipagbibigay-alam ang petsa ng koleksyon. Kung lumagpas na sa ibinigay na petsa, maaaring iayon sa araw ng iyong hiling.

Bumili ng ticket (seal) sa mga "dealer o tindahan ng ticket para sa malalaking basura".



Bilhin ang ticket sa mga tindahang may nakalagay na ganitong sticker.



Dalawang klase ang seal para sa malaking basura.
500 yen (5points) seal at 100 yen (1 point) seal.

Aplikasyon sa pamamagitan ng Internet

Maaring mag-aplay anumang oras sa loob ng 24 na oras.

(Maliban lamang sa oras ng pagpapanatili at inspeksyon).



Hanapin mula sa website ng siyudad ng Hachioji

URL <http://www.city.hachioji.tokyo.jp/>

hanapin ayon sa keyword 粗大ごみ インターネット



Pumili mula sa "table ng point na listahan ng malalaking basura" at mag-aplay.
Mag-aplay para sa listahan ng mga bagay na hindi nababanggit sa telepono.

(provisional completion) makakatanggap ng receipt mail.

Hindi natapos ang iyong aplikasyon sa oras na ito.

Makakatanggap ng completion receipt mail pagkatapos makumpleto ang rehistrasyon.



Tumatanggap sa telepono kung hindi ito natangga sa loob ng tatlong araw pagkatapos matanggap ang (provisional completion) receipt mail.

Bumili ng kinakailangang seal at bayaran ang katumbas na halaga nito.



Ilabas ang basura sa araw ng koleksyon.

Idikit ang seal sa bagay na itatapon at ilagay sa lugar at araw na itinakda ng General Refuse Consultation Center hanggang 8:30 ng umaga.



Para sa mga nakatira sa individual housing, ilagay ang basura sa kalsada sa may harap ng bahay.
Para sa mga nakatira sa housing complex, ilagay ang basura sa itinakdang pook ng tapunan.

Table ng pointbna malalaking basura

Tungkol sa mga item na wala sa listahan na ito, mangyaring makipag-ugnayan sa Refuse General Consultation Center (0570-550-530).



Mga kasangkapan	
Listahan ng mga bagay	Bilang ng puntos
Maleta • baul ng tsaa (2 points ang isa)	2
Upan • upuang walang paa	2
Color box	2
Aparador • tokador (Kasama ang upuan) • full-length mirror	2
Mababang mesa	5
Sofa (para sa 1 tao)	5
Sofa (pang-maramihan)	10
Mga kabinet: Hindi hihigit sa 100cm ang sukat (tumutukoy rin ito sa lalagyan ng telebisyon.)	5
Mga kabinet: May sukat na mahigit sa 100cm (tumutukoy rin ito sa lalagyan ng telebisyon.)	10
Mesa • mesa para sa pag-aaral • mesa na sulatan (Hindi kasama ang upuan)	10
Mga kasangkapan sa bahay at uri ng carpet	
Listahan ng mga bagay	Bilang ng puntos
Carpet • JUTA N (hindi hihigit sa 6 na tatami)	2
Carpet • JUTA N (mahigit sa anim na tatami)	5
Futon (2 points ang isa, maliban sa kutson)	2
Kama: Natutupi • yari sa mga tubo (buong set)	10
Kama: Mekanisado o de-motor	20
Bunk bed (buong set)	20
Kutson (single • semi-double)	5
Kutson (double o higit pa)	10
Kutson (without springs)	2
Kuwadro ng kama (single • semi-double • double)	10
Mga gamit sa bahay (air-conditioning unit)	
Listahan ng mga bagay	Bilang ng puntos
Oil heater	10
Furniture-like kotatsu	10
Kotatsu (bahagi ng toresilya)	2
Kotatsu board	2
Kalan • panel heater • fan heater	2
Electric fan • air cooler	2
Mga gamit sa bahay (gamit sa kusina)	
Listahan ng mga bagay	Bilang ng puntos
Kalan / Lutuan	2
Sisidlan ng bigas at patungan ng range	5

Dishwasher	2
Microwave	5
Initan ng tubig	2
Mga gamit ng bata	
Listahan ng mga bagay	Bilang ng puntos
Unicycle	2
Tricycle	2
Child seat	2
Stroller • playpen	2
Kuna	5
Mga kagamitang may kaugnayan sa audio at video	
Listahan ng mga bagay	Bilang ng puntos
Antenna at BS Antenna	2
Audio equipment	2
Copier na gamit sa bahay	5
Lalagyan ng personal computers	5
Printer	2
Mini component stereo	2
Gamit panlibangan	
Listahan ng mga bagay	Bilang ng puntos
Bahay ng aso (para sa maliliit na aso)	2
Electone (Hindi kasama ang upuan)	20
Organ (Hindi kasama ang upuan)	10
Kagamitan para sa pagsasanay (stationary bicycle) sa bahay	10
Kagamitan para sa pagsasanay sa bahay (running machine)	20
Kagamitan para sa pagsasanay sa bahay (rowing machine)	5
Keyboard	2
Gitara	2
Cooler	2
Golf club (2 points kada 5 piraso)	2
Golf bag	2
Water tank	2
Maleta	2
Skis (kasama ang stock) at snowboard	2
Massage machine (upuan)	20

Iba pa	
Listahan ng mga bagay	Bilang ng puntos
Accordion curtain blind	2
Screen, sliding paper door at sliding door	2
Humidifier at dehumidifier	2
Simpleng palikuran	2
Hagdanang natutupi	2
Wheelchair (de-motor pero kailangang walang baterya)	10
Wheelchair (hindi de-motor)	5
Basurahan	2
Bisikleta	5
Pantabas ng damo (sira ang makina.)	2
Ilaw	2
Shopping cart	2
Bamboo screen at reed screen	2
Gridiron	2
Vacuum cleaner	2
Tatami	5
Sampayan na yari sa tubo • Tuyuan ng futon • Natutuping sampayan ng damit	2
Hagdan (elastic system)	5
Hagdan (maliban sa elastic system)	2
Makinang pantahi (pang-mesa)	2
Makinang pantahi (hindi pang-mesa)	10
Storeroom (hindi mahigi sat isang "jo=95mmx1910mm" sa sahig ng palad at ipabahagi-bahagi)	10
Storeroom (mahigit sa isang "jo" at hindi mahigit sa dalawang "jo" sa sahig ng palad at ipabahagi-Bahagi)	20
Poste ng sampayan	2

■ Ang mga item na akma sa loob ng itinalagang mga bag ng koleksyon, at nasa ilalim ng 5 kg, ay maaaring mailagay para sa koleksyon sa isang itinalagang bag ng koleksyon sa normal na nasusunog / hindi masusunog na mga basurahan.

■ Sa taas ng puntos ay puntos sa isang aytem ng malalaking basura. Kung ilalabas ang pareho at maituping basura, mgiging mabubuo ng puntos= ay puntos x ilang basura.

■ May roon ring sinusunod na limitasyon sa bilang ng mga aytem na maaring ilabas alinsunod sa listahan ng mga aytem.

Paalala sa pagdikit ng seal sa malalaking basura

【harapan】 【likuran】

Isulat ang pangalan at numero ng resibo.

Kapag nag-apply, isulat ang itinakdang araw ng koleksyon.

Tulad ng para sa labis na pagtanggap ng mga item na maaari pa ring magamit, ang aming lungsod reprocesas at recycle ang mga ito. **Kung hindi mo nais na ma-recycle ang iyong item, mangyaring maglagay ng a ☒ sa ☐.**

粗大ごみ処理券
100円(1ポイント)

氏名または受付番号 (シールです、はがして貼ってください) (収集日)
××××× ×月 ×日

氏名または受付番号と収集日を記入し、収集当日の朝8時30分までに粗大ごみの一つの目立つところに貼って出してください。

☐ 再生リサイクル不可 ☒ 再生リサイクル可能

八王子市

注意事項 【購入者控】

- ・処理券は破損、紛失等の場合でも再発行できません。
- ・「粗大」と「はがして貼る」は必ずしも必要ではありません。
- ・購入後の正しい使い方には応じられません。
- ・再生リサイクルを望まない方は、処理券面の「再生リサイクル不可」にチェックしてください。

粗大ごみ処理手数料
100円(1ポイント)

粗大ごみの収集が終わるまで、お手元に保管してください。

粗大ごみのお問い合わせ先
ごみ総合相談センター ナビダイヤル ☎ 0570-550-530
ナビダイヤルをご利用でない場合は、042-696-5377におかけください。

し尿処理のお問い合わせ先
水再生課 ☎ 042-656-2281

八王子市


Itago ito hanggang sa makolekta ang basura.

Paalala sa pagtapon ng malalaking basura

- **Hindi na kailangan ang testigo.**
Ilagay sa itinakdang lugar hanggang 8:30 ng umaga.
- **Hindi kokolektahin ang item na hindi nakasulat sa aplikasyon.**
Idikit sa malalaking basura ang ticket na may nakasulat na presyong itinakda ng Refuse General Consultation Center.
- **Hindi kokolektahin ng syudad ang malalaking basura na nagmula sa mga negosyong aktibidad.**
Kokolektahin lamang ng syudad ang mga malalaking basura na nagmula sa tahanan.
- **Hindi maaaring kolektahin ang mga recyclable appliances at computers.**
Ang mga recyclable Home Appliances tulad ng "TV, refrigerator, washing machine, clothes dryers, air conditioner, atbp." at mga recyclable Personal Computer tulad ng "desktop, displays, laptop, atbp." ay hindi maaaring kolektahin bilang malalaking basura. (tingnan ang pahina 13)

2. Pagdala sa disposal plant at iba pa (Kailangan mag pareserba)

<Commission fee> Mga 10 kilo, 350 yen (350 yen mula 0 hanggang 10 kilo. Kung hihigit dito ay may dagdag na 350 yen kada 10 kilo)
Huwag gumamit ng itinakdang supot para sa koleksyon, sa halip, ilagay ito sa isang malinaw o semitransparent na supot.
Sa pagdadala ng basura, kailangang **magpakita ng dokumento tulad ng driver's license kung saan maaaring makumpirma ang address (discharge place) sa Hachioji City.**



Tobuki clean center (Tobuki refuse plant) 1916 Tobuki-machi

Mula sa Septiyembre 2018, binago na ang paraan ng pagdala sa mga malalaking basura sa Tobuki Clean Center, kung saan kailangang gawin muna ang reserbasyon bago ito dalhin. Kailangang gawin muna ang aplikasyon sa kaso ng pagdala ng mga bagay sa pasilidad.


Panahon ng pagtanggap: Lunes hanggang Biyernes (sakop ang piyesta opisyal, maliban sa katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon)

9:00am - 16:00pm (☎042-696-5851)

(Kung kayo ay may kapansanan sa pandinig at iba pa, maaring mag-aplay sa pamamagitan ng FAX (042-691-8678).)

Panahon ng pagdala: Lunes - Biyernes (sakop ang piyesta opisyal, maliban sa katapusan ng taon at umpisa ng bagong taon) at tuwing ikaapat na Linggo ng bawat buwan

8:30am - 16:00pm



Tama Refuse Incineration Plant 2-1-1 Karakida, Tama City

Para sa mga nakatira sa Tama New Town District (tingnan ang pahina 14), maaaring dalhin sa Tama Refuse Incineration Plant.

Araw at oras ng pagdala: Lunes - Biyernes (maliban sa piyesta opisyal, umpisa at katapusan ng taon) at ika-apat ng Linggo ng bawat buwan.

8:30am - 11:30am, 13:00pm - 16:30pm.

※ Kung nais dalhin ang basura, kailangang mag-apply muna sa Minami-Osawa Refuse Disposal Office

(☎042-674-0551). Kung nais dalhin sa ika-apat ng Linggo, mag-apply sa pinakamalapit na araw ng Biyernes.

(Kung kayo ay may kapansanan sa pandinig at iba pa, maaring mag-aplay sa pamamagitan ng FAX (042-677-5971).)

Designated Bag for Diapers



May inilaang libreng supot o diaper bags para sa mga naninirahan sa lunsod (kabilang ang mga umuwi para manganak at pansamantalang paninirahan), mga bata o sanggol na gumagamit ng diaper, mga taong mahigit 65 taong-gulang, mga may hawak na katibayan na may kapansanan, mga 40-65 taong-gulang na nangangailangan ng pag-aalaga na higit sa class 1 ng Nursing Care Insurance. Hanggang 30 piraso ng diaper bags lamang kada bigayan ang pwedeng ibigay sa taong gumagamit ng diaper.

Paano itapon

- Ang araw at lugar ng koleksyon ay pareho sa mga basurang sinusunog.
- Itapon sa kubeta ang dumi bago ilagay sa supot ang diaper.
- Kung may masamang amoy, ibalot muna ang diaper sa isang transparent o semi-transparent na supot bago ilagay sa itinakdang supot para sa diapers.

- **Huwag lagyan ng ibang basura ang supot para sa diaper.**
- **Huwag ilagay ang toilet sheets ng alagang hayop sa supot ng diaper.**

May dalawang klase ang laki, 20L at 10L.

Volunteer's bag



Maaaring gamitin ang volunteer's bag para sa mga basurang galing sa mga organisasyon tulad ng town councils o pampublikong lugar tulad ng kalsada, parke at iba pa. Hanggang 500 piraso lamang na supot ang pwedeng ipamahagi sa mga organisasyon at hanggang 20 piraso lamang sa isang tao. Nagde-deliver din sa mga town councils. Tumawag lang sa Refuse Reduction Control Section (☎042-620-7256)

Paano itapon

- Bilugan lamang kung ang basura na itatapon ay nahahanay sa sinusunog, di-sinusunog, o recyclable.
- Ilabas ang basurang sinusunog, di-sinusunog, o mga pwedeng i-recycle sa itinakdang lugar at araw ng koleksyon.
- Para sa pang-maramihang basura, kumunsulta sa Collection Center (tingnan ang pahina 14) ng mas maaga.

- **Ang mga basura (kabilang ang sanga ng puno o mga damo) mula sa sariling tahanan (individual housing / housing complex), opisina, at pampublikong pasilidad (paaralan, civic centers) ay hindi kasali.**
- **Hindi maaaring gamitin ang volunteer's bag para sa mga basurang mula sa mga events o piyesta.**

May dalawang klase ang laki, 45L at 20L.

Lugar ng pagbabahagian	Supot para sa diapers	Volunteer's bag
City Office (2F) Refuse Reduction Control Section, lahat ng Refuse Collection Centers, Every Citizen Office, lahat ng Community Centers. Attaka Hall, Repair Centers, lahat ng Health and Welfare Centers, Regional Children and Family Support Center Minami-no, Icho Hall, Higashi-Asakawa Traffic Park, Kiyokawa Traffic-Amusement Park, Volunteer Centers (kabilang ang sangay na tanggapan sa Minami-osawa), Fujimori gymnasium	○	○
City Office (4F) Child Raising Support Section, City Office 1F Senior Citizen Welfare Section and Welfare for Handicapped Section, City Office B floor Life Welfare First Division, Health Center, Health Policy Section, lahat ng Children's Halls, lahat ng Municipal Nursery Schools, Public nursery sa loob ng siyudad (maliban sa ilang pasilidad), Welfare Center for the Handicapped, Every Elderly Relieved Consultation Center, Oyako Fureai Hiroba Kurichan Hiroba (Create Hall 1F), Oyako Fureai Hiroba Minami Osawa, Regional Children and Family Support Center ng Moto-hachioji, Minami-isawa, Tate, at Ishikawa, lahat ng Children and Parents Salon "Tsudoi no Hiroba"	○	×
City Office (5F) Park Section, Consumer Affairs Center (Create Hall B1F)	×	○

※Para sa inilaang supot para sa diaper, sumangguni sa sa tauhan ng kumukulekta ng plastic container.

八王子市 おむつ袋

Search

1. Dalhin mismo sa itinakdang lugar na tapunan

- <Bayad> 1000 yen kada isang hayop
- <Lugar ng pagdadalhan> Tobuki clean center (Tobuki Refuse Inceneration Plant) (1916 Tobuki-machi, ☎042-692-5389)
- <Oras ng tanggapan> Lunes hanggang Byernes (kabilang ang pyesta opisyal, maliban sa simula at katapusan ng taon)
at tuwing ika-apat ng Linggo ng bawat buwan, mula 8:30am- 4:00pm.

2. Kung magpapakulekta


- <Bayad> 2500 yen kada isang hayop
- <Paraan ng pag-apply> Tumawag at mag-apply sa pasilidad na may hawak sa inyong lugar (tingnan ang pahina 14).
※Ang mga nakatira sa Tama New Town ay dapat tumawag sa Tate Refuse Collection Center (☎042-665-2531)
- <Oras ng pagtanggap ng tawag sa telepono> Lunes-Byernes (kabilang ang pyesta opisyal, maliban sa ula ta katapusan ng taon) 8:30am- 5:15pm.

Mga basurang hindi maaaring itapon (kolektahin/ dalhin) sa lungsod.

Kung may katanungan, tumawag lamang sa General Refuse Consultation Center (☎ 0570-550-530)

Mga kagamitan na isasailalim sa Home Appliance Recycling Law

Air conditioner



TV
(old type, plasma, LCD)



Refrigerators, Freezers,
Cooler/Warmer Box



Washing machine



Clothes dryer



•Pumili ng isa sa mga sumusunod na paraan ng pagtapon.

- ① Kokolektahin ito ng tindahan na inyong pinagbilhan o kung saan kayo bibili ng bagong kagamitan.
 - ② Dalhin sa itinukoy na lokasyon. Para sa pagdadalhan, tingnan ang Hachioji homepage [八王子市 家電リサイクル](#) Search
 - ③ Makiusap o magtanong sa pribadong kolektor ng inyong syudad.
(Sanwa Kogyo ☎042-691-1805, Kudou store ☎042- 636-7548, Dai-ichi shigen ☎042-644- 2103, Environmental System Service ☎042-625-8016, Nan-ei Sangyo ☎042-636-1113)
- Kailangang bayaran ang recycle fee para sa pagpoproseso. (Alamin kung magkano ang recycle fee sa website ng Recycling Ticket Center for Home Appliances, <http://www.rkc.aeha.or.jp/>).
- May pagkakataon na kakailanganin ang karagdagang bayad para sa transportasyon. Tiyaking mabuti.

Personal Computer

Desktop body and display (CRT)



Desktop body



Laptop



Display (LCD)



Paraan ng aplikasyon para sa koleksyon

- ① **sa Maker ng bawat computer** [パソコン3R](#) Search 
Alamin sa website ng (PC 3R Promotion Center).
※ Ang mga computer na walang marka ng PC recycle ay kailangang magbayad ng recycling fee. Maaaring alamin ang presyo sa opisina ng bawat maker nito.
- ② **sa opisina ng Renet Japan** [リネットジャパン](#) Search
Sa Renet Japan, kahit na meron o walang marka ng PC recycle, kung ang computer ay buo pa, walang bayad sa minsanang aplikasyon para sa koleksyon nito. Alamin sa website ng Renet Japan.
※ May nakatukoy na sukat o bigat para sa packing.
※ Kung nais mag-apply sa pamamagitan ng FAX, may application form sa City Office 2F Refuse Reduction Control Section o sa bawat Citizen Division Office.

Iba pa

Mga baterya



piyesa ng sasakyan



pintura



Fire extinguisher



Hindi maaaring itapon sa City Refuse Facilities ang mga basura na nangangailangan ng espesyal na proseso. Maki-pag-ugnayan sa maker o sa pinagbilhan o kaya sa mga propesyonal na kumpanya.

Para sa karagdagang impormasyon, tumawag sa General Refuse Consultation Center (☎ 0570-550-530).



Sa panahon ng lindol at mga kalamidad, maaaring hindi ito makolekta ng ayon sa kalendaryo ng koleksyon. Alamin ang impormasyon sa website ng syudad sa ganitong pangyayari.

namamahala sa Refuse Collection Center sa inyong bayan

Mayroong nagkakamali sa pag-dial ng numero. Kung tatawag para magtanong, pakiusap po na tiyaking tama ang ida-dial na numero ng telepono.

Oversized Refuse

Ang mga reserbasyon ng pickup ay dapat gawin sa pamamagitan ng General Trash Consultation Center anuman ang lugar:

Ang mga reserbasyon ng Carry-in ay dapat gawin sa pamamagitan ng Tobuki Clean Center:



0570-550-530

※Kung hindi mo magagamit ang Navi-dial, mangyaring tumawag sa ☎042-696-5377.

☎042-696-5851

※Ang mga nakatira sa lugar ng Tama New Town ay maaaring magdala ng mga item sa Tama Waste Incineration Plant (tingnan ang pahina 11 para sa mga detalye).

Tobuki Refuse Collection Center : (Minami Asakawa) sa may bandang hilaga ng Asakawa

☎ 042-691-2891 (FAX:042-691-7678)

Akatsuki-cho 1 ~ 3 chome, Ishikawa, Izumi-cho, Inume, Utsuki, Umetsubo, Oya, Owada 1 ~ 7 chome, Osaki, Otsu, Kasumi-cho 1 ~ 2 chome, Kanoya, Kami-ichibukata, Kami-Ongata, Kamikawa-cho, Kawaguchi, Kiyokawa, Kuboyama 1 ~ 2 chome, Komiya, Sanyu, Shimo Ongata, Shiroyamate 1 ~ 2 chome, Suwa, Taira, Dairakuji, Takakura-cho, Takatsuki-cho, Takiyama 1 ~ 2 chome, Tangi-cho 1 ~ 3 chome, Todor, Tobuki, Nakano kami 1 ~ 5 chome, Nakano-sanno 1 ~ 3 chome, Nakano-cho, Nagabusa, Narahara, Nishi-terakata, Nibukata, Fujimi, Maruyama, Mitsuidai 1 ~ 2 chome, Miyashita-cho, Miyama, Moto-hachioji 1 ~ 3 chome, Yano, Yokokawa, Yotsuya

Tate Refuse Collection Center : sa may bandang timog ng Asakawa

☎ 042-665-2531 (FAX:042-662-2926)

Asahi-cho, Azuma-cho, Ueno, Uchikoshi, Utsunuki, Uratako, Ofuna, Oyoko, Okado, Katakura-cho, *Kamiyugi, Kitanodai 1 ~ 5 chome, Kitano-cho, Kinugaoka 1 ~ 3 chome, Kunugida, Kobiki, Koyasu 1 ~ 4 chome, Sanda 1 ~ 5 chome, *Shimoyugi, Shin-cho, Senninn-cho 1 ~ 4 chome, Dai 1 ~ 4 chome, Takao, Tate, Ta-machi, Terada-cho, Tera, Tenjin-cho, Naka-cho, Naganuma, Nakayama, Nanakuni 1 ~ 6 chime, Namiki-cho, Nanyodai 1 ~ 3 chome, Nishi-asakawa, Nishi-ka- takura 1 ~ 3 chome, Hazama, Hachiman-cho, Hatsuzawa, Higashi-asakawa, Hyoue 1 ~ 2 chome, Hiyoshi-cho, Hiraoka-cho, *Horinouchi, Hon-cho, Hongo-cho, Misaki-cho, Midori-cho, Minami-asakawa, Minamishin-cho, Minami-no 1 ~ 6 chome, Minami-cho, Myojin-cho 1 ~ 4 chome, Mejirodai 1 ~ 4 chome, Moto-hongo 1 ~ 4 chome, Motoyokoyama 1 ~ 3 chome, Yagi-cho, Yamata, *Yarimizu, Yoka, Yokoyama-cho, Yorocho-cho

(Hindi kasali and may markang ※ng Tama Newtown area)

Minami-Osawa Refuse Collection Center : (Tama New Town area)

☎ 042-674-0551 (FAX:042-677-5971)

Otsuka, Kashima, Kamiyugi 2 ~ 3 chome, Koshino, Shimoyugi 2 ~ 3 chome, Higashi-nakano, Bessho 1 ~ 2 chome, Horinouchi 2 ~ 3 chome, Matsugaya, Matsugi, Minami-osawa 1 ~ 5 chome, Yarimizu 2 chome, pati na rin ang Kamiyugi, Shimoyugi, Horinouchi, at isang parte sa Yarimizu

Hindi namin pinapayagan ang pagtanggap ng mga basura at mga recyclable na materyales

Ang pag-aalis ng basurahan o mai-recyclable na basura na inilagay para sa koleksyon ng mga indibidwal na tahanan, o sa isang site ng koleksyon ay ipinagbabawal ng ordinansa. Kung nakakita ka ng isang taong nag-aalis ng basurahan o mai-recyclable na basura, mangyaring huwag lapitan ito nang direkta. Tandaan ang oras, lugar, uri ng basurahan o mai-recyclable na basura na kinuha, at numero ng sasakyan o mga detalye tungkol sa taong nag-alis ng mga item, at ipaalam sa amin sa pamamagitan ng pakikipag-ugnay sa Trash Reduction Department (☎042-620-7256)

Ang ilegal na pagtapon ng basura ay isang krimen

Maaaring maparusahan ang sinumang gumawa ng ilegal na pagtatapon ayon sa Waste Management and Public Cleaning Act. Para sa taong lumabag: magmumulta ng 10 million yen pababa o pagkabilanggo ng hanggang 5 taon, o kumbinasyon ng dalawa. (Kabilang ang mga nagtangka) Para sa kumpanyang lumabag: magmumulta ng 300 million yen pababa.

issued by:
Resource Recycling Division,
Refuse Reduction Control Section

TEL : 042-620-7256
FAX : 042-626-4506
E-mail : b480100@city.hachioji.tokyo.jp



リサイクル適性(A)
この印刷物は、印刷用の紙へ
リサイクルできます。

Para sa mga hakbang tungkol sa iligal na paglalaglag sa mga pampublikong lugar, koleksyon ng sunugin na basura, hindi masasayang basura, at mga recyclables, mangyaring kumonsulta sa tanggapan ng paglilinis sa itaas.